# Kalagayan ng serbisyong Pabahay, Pangkalusugan, Transportasyon, Edukasyon atbp

Ang Pilipinas ay kasalukuyang humaharap ng sanda-makmak na mga isyu ukol sa mga suliraning panlipunan, ilan sa mga ito ay ang antas ng pabahay, panpangkalusugan, transportasyon at edukasyon

## Pabahay

Pabahay, isa sa mga pilit na tinutuganan ng, ating pamahalaan. Sa pagdami ng populasyon ay batid natin marami pa ang mangangailangan ng tahanan pagdating ng panahon. Nakakalungkot isipin na kahit ilalim ng tulay ay ginagawa ng tirahan ng iba,. Kahit ang mga lupang di nila pag aari ay tinatayuan na rin ng tahanan ng marami. Pangyayaring kapag binawi ng may ari ang lupa ay humahantong ang demolition sa kaguluhan.

Ang mga isyu ukol sa mga pabahay ay masasabi natin dapat sagutin ng ating pamahalaan. Pangunahin na rito ang mga biktima ng kalamidad na hangang sa.ngayon kung di man nakatira sa mga tent ay mga walang tahanan.
Nasaan ang bilyong bilyon donasyon ng maraming bansa para makapagpagawa ng bahay at makapagsimula ng bagong buhay ang mga nawalan ng tahanan natin mga kababayan. Madami ngang bahay na pwede natin upahan at babayarang buwan buwan.

Hindi katuwiran ito lalo na sa mga pamilyang nasa mahirap naantas ng buhay. Ipangkakain na lang ibabayad pa sa renta ng bahay. Dapat talagang tumulong ang kinauukulan sa mga pabahay sa mgapamilyang walang permanenteng tahanan.

Napakahalaga para sa bawat tao o bawat pamilya na magkaroon ng sapat na paninirahan. Paninirahang hindi siya maiirita, kundi tahanang siya o sila'y masaya. Ngunit sa maralita, lalo na sa mga lugar ng iskwater, maraming demolisyon ang nagaganap; maraming maralita ang nawawalan ng tahanan. Ngunit kasalanan ba ng mga maralita na tumira sila sa barung-barong, gayong dahil sa kahirapan ay yaon lamang ang kanilang kaya?

Marami sa maralitang dinemolis at dinala sa relokasyon ang hindi naman talaga nabibigyan ng sapat na pabahay, ayon sa negosasyon sa kanila bago sila idemolis, bagamat marami talaga sa kanila ang sapilitang tinanggalan ng bahay. Bahala na ang maralita sa erya ng relokasyon pagdating sa pabahay. Ang matindi pa ay ang pagiging negosyo ng pabahay, imbes na serbisyo. Patunay dito ang tinatawag na escalating scheme of payment na kasunduan para sa pabahay, na hindi naman kaya ng mga maralita. Ngunit ano ba ang batayan natin para masabi nating sapat na ang pabahay at ito'y ating karapatan? May mga pandaigdigang kasunduan na nagsasabing karapatan natin ang pabahay.

Nahahati sa dalawa ang talakayang ito – ang pandaigdigang pagkilala sa karapatan sa pabahay at ang pambansa.

International Year of Shelter for the Homeless (1987) - pagpapaangat ng pampublikong kamalayan hinggil sa pabahay at mga kaugnay pang problema nito na nararanasan sa iba't ibang panig ng mundo. Sinundan ito ng:

Global Strategy for Shelter to the Year 2000, kung saan, ayon dito:
"Ang karapatan para sa sapat na pabahay ay daigdigang kinikilala ng pamayanan ng mga bansa... Ang lahat ng bansa, ng walang eksempsyon, ay may iba't ibang anyo ng obligasyon sa sektor ng pabahay, na inihahalimbawa nito ay ang paglikha nila ng mga ministry o ahensya sa pabahay, sa paglalaan nila ng pondo sa sektor ng pabahay, at sa kanilang mga polisiya, programa at proyekto... Lahat ng mamamayan ng lahat ng Estado, gaano man sila kahirap, ay may karapatang asahan ang kanilang pamahalaan na may pakialam sa kanilang pangangailangan sa pabahay, at tanggapin ang batayang tungkuling protektahan at paunlarin ang mga kabahayan at pagkkapitbahayan, imbes na pagsira o pagwasak dito."

Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) – pinakamataas na konseho sa pabahay na gumagawa at nagpapasya sa patakan, at nagbibigay ng pangkalahatang direksyon para sa pagsulong ng disente at abot-kayang pabahay sa mga pamilyang mahihirap

Sa ilalim ng HUDCC ay ang mga sumusunod:

1. National Housing Authority (NHA) – ahensyang namamahala sa programa sa pabahay lalo na sa walang-bahay na pamilya na mababa ang kita na may kakayahang makuha ang kinakailangang serbisyong panlipunan at pang-ekonomiyang oportunidad at mag-ambag sa pagtiyak ng pagtaas ng kalidad ng buhay ng mga benepisyaryo
2. Home Guaranty Corporation (HGC) – naggagarantiya ng pagbabayad sa anuman at lahat ng anyo ng pagsasangla, pautang at iba pang anyo ng credit facilities para sa usapin ng pabahay, matulungan ang mga pribadong debeloper na magsagawa ng sosyalisado at mababang halagang proyektong pangmasang pabahay
3. Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) – kambal na ginagampanan nito ang pagpapahusay at pagpapalakas sa rasyunal na pabahay at serbisyong real estate sa pamamagitan ng tatlong estratehiya: patakaran, pagpaplano at regulasyon, tulad ng isinasaad sa mga Dekretong Pampaunguluhan (PD), Presidential Decrees (PD), Letters of Instruction (LOI), Republic Acts (RA), Executive Orders (EO), Office of the President Memorandum Circulars (OP-MC) at Batas Pambansa (BP)
4. National Home Mortgage Finance Corporation (NHMFC) – mayor na institusyon ng pamahalaan hinggil sa sanglaan (mortage) ng pabahay, at pamamahala sa pinanggalingan ng pangmatagalang pondo lalung-lalo na mua sa Social Security

System, ang Government Service Insurance System, at ang Home Development Mutual Fund

5. Home Development Mutual Fund (HDMF) – popular na tinatawag na PAG-IBIG, ito ang ahensya sa pabahay na ang tungkulin ay magpondo ng pabahay at paunlarin ang kalidad ng buhay ng mga myembro nito

6. Social Housing and Finance Corporation (SHFC) – isang institusyong pinansyal na tungkuling maglaan ng pabahay sa mga kapuspalad na mamamayan sa pamamagitan ng paglalaan ng abot-kayang pinansya sa pabahay, at makipagtulungan sa mga multisektoral na stakeholders para para sa pagbuo at pagpapatupad ng makabago at sustenableng programa sa panlipunang pabahay

MGA DOKUMENTONG MAGAGAMIT SA LEGAL NA PARAAN:

1. Sinumpaang salaysay
2. TRO – Temporary Restraining Order
3. OCT – Original Certificate of Title
4. TCT – Transfer Certificate of Title
5. Certificate of census
6. Barangay Permit

MGA BATAS NA KARANIWANG GINAGAMIT SA DEMOLISYON:

1. Building Permit (City Ordinance)
2. Court Order
3. E.O. – Executive Order (sa lupang gobyerno na may proyekto)

MGA DAPAT GAWIN NG MARALITA

1. Pagsusuri sa kalagayan
2. Pagkakaisa
3. Pagtutulungan
4. Pag-oorganisa
5. Negosasyon

Kalusugan

Ang kalusugan ay ang pagkawala ng sakit o karamdaman. Ang isang taong walang sakit ay mayroong mabuting kalusugan. Ngunit hindi ito sapat na kahulugan ng kalusugan dahil ayon sa World Health Organization o WHO, ang kalusugan ay ang isang estado ng pagiging masigla ang isip, katawan, at pakikitungo sa iba. Hindi ito simpleng kawalan lamang ng sakit, kapansanan, o iba pang karamdaman.

Ang kalusugan ay karapatan ng lahat ng tao sa mundo, maging mayaman man o mahirap. Walang pinipiling edad, kasarian, paniniwala o relihiyon ang pagkakaroon ng karapatan sa kalusugan. Ito ay isa ring responsibilidad sa ating sarili at sa ating kapwa – tao.

Sa madaling salita, ang kalusugan ay para sa lahat at ito ay isa sa pinakamahalagang bagay na dapat nating tinatamasa sapagkat ito ay isang kayamanan.
Programang Pangkalusugan - Nasa likod ng pag-unlad na ito sa kalusugan ang Department of Health (DOH) sa pamamagitan ng sari-saring programang pangkalusugan sa inilulunsad taun-taon. Nangunguna ito sa paggawa ng pampaublikong pagamutan, ospital at pagbibigay ng mga medical mission at seguro sa mga pasyenteng maralita.

Sa pamamagitan ng seguro o insurance, nagkakaroon ng panustos sa mga gastusin sa ospital ang mga pasyente. Ipinamamamahagi ng pamahalaan sa lahat ng mamamayan sa bansa ang libreng seguro sa pamamagitan ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth). 4. Mga Programang Pangkalusugan

Ang lakas-tao ay isang napakahalagang bahagi ng lipunan. Nakasalalay sa tao ang pagbubuo ng desisyon para sa pang-araw-araw na kahihinatnan ng kaniyang buhay at maging ng lipunang kaniyang ginagalawan.

Kaya naman mahalagang malusog ang kaniyang pangangatawan upang malusog din ang kaniyang pag-iisip. Ito ay isinasa- alang alang ng pamahalaan upang lubos na mapakinabangan ang mamamayan at maging katuwang ito sa pagbubuo ng tamang pasiya at pagsasagawa ng wastong pagkilos para sa maayos na pamamalakad at kalagayan ng bansa

.

Mga Programang Pangkalusugan ng Pamahalaan.

May mga programa para sa mga bata, kabataan, kababaihan, at para sa lahat. Ang Kagawaran ng Kalusugan ang pambansang ahensiyang naatasan ng pamahalaan na mamahala sa mga serbisyong pangkalusugan. Ilan sa Malalaking Programa ng Kagawaran 1.National Health Insurance Program (NHIP), 2.Complete Treatment Pack, pagbabakuna, programa sa mga ina at kababaihan, at programa laban sa mga sakit. Ang PhilHealth Ang NHIP ay itinatag upang magkaroon ng seguro ang lahat ng mamamayan at mapagkalooban ng may kalidad na mga pasilidad at serbisyong pangkalusugan, at pagkakamit ng pangkalahatang kalusugan.

Maraming Pilipino ang nakikinabang sa programang Philippine Health Insurance ng pamahalaan. Sa tulong ng Philhealth, maraming mamamayan ang nakapag-papagamot at nabibigyan pa ng libreng gamot. Kasama rito ang libreng pagpapagamot sa mga sakit na dengue, asthma, at katarata, maging sa malalalang sakit gaya ng kanser. Sa pamamagitan ng NHIP, maipagkakaloob sa mga mamamayan, lalo na sa mahihirap, ang mga serbisyong pangkalusugan, pag-iwas man ito sa sakit o paggagamot ng karamdaman.

Complete Treatment Pack Higit ding mapauunlad ang serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng DOH Complete Treatment Pack. Layunin nitong marating ang pinakamahihirap na mamamayan at mabigyan ng kumpletong gamot lalo na sa mga pangunahing sakit sa bansa. Nagtatalaga rin ng mga doktor, nars, at komadrona sa malalayong munisipyo upang mabilis na matugunan ang pangangailangan ng mga tao rito.Pagbabakuna Itinataguyod at higit pang pinalawak ng pamahalaan ang pagbabakuna o imunisasyon ng mga bata laban sa mga sakit gaya ng diarrhea, polio, tigdas, at trangkaso. Kasama pa rito ang pamamahagi ng mga bitamina gaya ng Vitamin A, iron, at iodine laban sa sakit sa dugo at mata.

Ayon sa UNICEF, ang stunting ay dulot ng patong patong na isyung pangkalusugan. Maari itong magsimula sa pagbubuntis pa lamang ng isang inang undernourished din, na napapalala pagkatapos manganak dahil sa kakulangan ng pagkain, at dahil na rin sa kakulangan ng sanitasyon. Ang stunting, ayon sa UNICEF, ay maaring sanhi ng kalahati ng bilang ng mga batang namamatay sa buong mundo. Ang batang makaka-alpas o makaka-survive nito ay maaring magkaroon ng under-developed brain, kakulungan sa mental na abilidad at kapasidad, at dahil diyan, mahihirapan siya sa paaralan, mas maliit ang kita sa kalaunan, at maaring makaranas ng nutrition-related chronic diseases, gaya ng diabetes, hypertension, at

obesity. Kung patuloy ang pagdami ng mga kaso ng chronic malnutrition at stunting sa bayan, ito ang mga isyung bubulaga sa atin sa hinaharap.

Kalusugan, tunay ngang ito ay ating kayamanan at maayos na pag-aalaga rito'y makabubuhay sa atin, ngunit dahil sa hindi tamang pagtugon dito'y bumababa ang kalidad ng serbisyong pangkalusugan sa ating bansa.

Kung susuriing mabuti, hindi nabibigyan ng mataas na kalidad ng serbisyo ang bawat pasyente maging sa mga pampublikong ospital o sa mga institusyong pangkalusugan dulot ng kakulangan sa pasilidad. Gaya na lamang sa "Hospital X", na ayon sa provincial DOH officer nito'y ang ospital ay may kakulangan sa pasilidad (gaya ng gamot, tauhan, kagamitan gaya ng mga hospital beds at kwarto) at kakulangan sa pondo, pangkalap ng mga medisina at pangpaayos sa istraktura ng ospital dahil ito ay binabaha tuwing may malakas na bagyo na siyang nakapagdudulot ng mababang kalidad na serbisyo lalo't para sa mga pasyenteng kailangan ang mabilis na pagtugon sa karamdaman. Ngunit, hindi lang dito ang pangunahing pinagmumulan ng problema, maaari rin ito'y magmula sa estatus sa lipunan kungsaa'y hirap makatugon ng sapat na kalusugan ang mahihirap kung ikukumpara sa mayayaman.

Bunga ng mga ganitong pagkakataon o pangyayari ang nagbibigay-daan upang maisulong ang mga institutusyong pangkalusugan gaya ng Silungan Pag-asa at Guanella Center, inc. na siya naman tumutugon sa kakulangan ng serbisyong naibibigay mula sa mga pampublikong ospital, ngunit, maging dito'y may nangyayari pa ring kakulangan sa pondo nila kungkaya't hindi ganoong karaming pasyente ang natutulungan.

Ating isipin din, nang dahil sa kakulangan ng pasilidad, pondo at hindi maayos na istraktura ng ating takbuhan para sa kalusugan, na imbis tayo'y maibsan ng problema'y tila nadagdagan pa ito at hindi nalang din nakatutulong sa atin. Ngunit, saan nga ba nagmumula ang mga problemang ito ng mga mamamayang may pangangailangang pangkalusugan? Hindi ba't bilang isang mamamayan ng bansang Pilipinas ay prayoridad dapat ng bawat isa ang pagkakaroon ng maayos at mabisang serbisyo ng kalusugan, hindi lamang ang may mga pera ang dapat makinabang sa benepisyong ito dito dahil tayong lahat ay may karapatang mabuhay na nararapat lamang masubaybayan ang estado ng kalusugan.

Ang kalusugan ay batayang karapatan ng bawat nilalang. Ayon nga sa United Nations, bilang tao, ang kalusugan natin at lahat ng ating mahal sa buhay ay pang-araw araw nating pangangailangan. Kahit ano pa ang ating lahi, kulay, kasarian, o edad, ang kalusugan ay ating batayan at pangunahing “aasset” o kayamanan. Kung wala nito, mahirap makamit ang iba pa nating karapatan.  Ang karapatan natin sa kalusugan ay kaugnay ng ating dignidad bilang tao.

Kaya nga , napakalaking balakid ng kamahalan ng pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan, Kahit pa libre itong makukuha sa mga health facilities ng bayan, may gastos pa rin para sa mga yaong nakatira sa mga napakalayo o remote na lokasyon. At mahal pa rin ang gamot. Kahit pa libre ang konsultasyon, ang presyo ng mga gamot sa Pilipinas ay sinasabing isa sa pinakamahal sa Asya.

Bigyan nawa ng pansin ng pamahalaan ang isyu ng access to health. Ikumpara naman natin ang atensyong binibigay ng pamahalaan sa iba pang mas urgent na isyu ng bayan, gaya ng kalusugan. Ang budget ba sa kalusugan ay mas malaking ba ang hati sa pambansang budget? Ang sector ba na ito ay may angkop na suporta mula sa pamhalaan?

Ayon nga sa Panlipunan turo ng Simbahan, partikular na sa Evangelium Vitae, ang kalusugan ay dapat lamang kasama lagi sa anumang usapang may kaugnayan sa "politics of human dignity."  Ayon sa dokumentong ito, napakahalaga na siguruhin ng ating mga pinuno na lahat ng indibidwal ay may maayos na trabaho, at access hindi lamang sa edukasyon, kundi sa kalusugan.

Samakatuwid, nais lamang ng blog na itong ipakita ang mga natatamasang kakulangan sa serbisyo ng mga pasyente sa mga pampublikong ospital at maging sa mga institusyong pangkalusugan na hindi naman dapat at siyang patuloy na lumalaganap sa buong bansa.

Transportasyon

Ang transportasyon sa Pilipinas ay hindi pa gaanong maunlad, dahil sa mga sumusunod na dahilan: mga buludunduking lugar sa bansa at mga nakakalat na mga pulo, at ang patuloy na hindi paglalaan ng pondo ng pamahalaan sa mga imprastrakturang pantransportasyon ng bansa. Subalit sa mga nakalipas na taon, ang pamahalaan ay sumisikap upang maipaganda ang sistema ng transportasyon sa bansa sa pamamagitan ng mga iba't-ibang proyektong pang-imprastrasktura.

Ang mga dyipni ay pinakatampok na anyo ng pampublikong transportasyon sa Pilipinas, at naging simbolo ang mga ito ng kultura ng bansa.[2] Isa pang tampok na anyo ng pampublikong transportasyon ay ang de-motor na traysikel; mas-pangkaraniwan ang mga ito sa mga pook-rural.[3] Sa mga nakalipas na taon, nagiging tampok na anyo ng pampublikong transportasyon ang mga daambakal sa bansa, lalo na sa maabalang kalakhan ng Kamaynilaan. May tatlong pangunahing sistema ng daambakal sa Pilipinas: ang Sistema ng Magaang Riles Panlulan ng Maynila na binubuo ng Linya 1 at Linya 2, ang Sistema ng Pangkalakhang Riles Panlulan ng Maynila na binubuo ng Linya 3, at ang Pambansang Daambakal ng Pilipinas (o PNR). Ang dalawang sistema na unang binanggit ay nagsisilbi lamang sa Kamaynilaan, samantala ang PNR ay sumisilbi sa Kamaynilaan at sa ilang bahagi ng Luzon.
Mayroon ding mga lokomotorang singaw (steam engines) na matatagpuan sa Kabisayaan na gumagana sa mga gilingan ng tubo tulad ng Central Azucarera. Ang mga taksi at bus ay mga mahalaga ring anyo ng pampublikong transportasyon sa mga pook-urban ng bansa.

May labindalawang (12) paliparang pandaigdig ang Pilipinas, at may higit sa dalawampung (20) paliparang panloob na sumisilbi sa bansa.[4] Ang Paliparang Pandaigdig ng Ninoy Aquino (o NAIA) ay ang pangunahing pasukan sa Pilipinas.

Transportasyong panlupa

Mga daan

Lansangang Halsema
Ang Pilipinas ay may 199,950 kilometro (124,240 milya) ng mga daan, at sa habang ito 39,590 kilometro (24,600 milya) ay nailatag. Noong 2004, iniulat na ang kabuuang haba ng buong pinag-ugnay na daan na hindi mabilisang daanan ay nasa 202,860 kilometro. Sa habang ito, 15% ay mga pambansang daan (national roads), 13% ay mga panlalawigang daan (provincial roads), 12% ay mga daang panlungsod/pambayan (city/municipal roads), at 60% ay mga daang barangay (barangay roads).

Noong 1940, may 22,970 kilometro (14,270 milya) ng mga daan sa buong bansa, kalahati nito'y matatagpuan sa gitna at katimugang Luzon.[5] Sinilbihan ng mga daan ang 50,000 sasakyan.

Ang pagbubukod ng mga daan ay nakabatay sa mga pananagutan ng namamahala (maliban lamang sa mga barangay), iyan ay kung anong antas ng pamahalaan ang nagtayo at nagpondo ng mga daan. Karamihan sa mga daang barangay ay mga hindi nailatag na daang-nayon na itinayo noon ng Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH), subalit ang pananagutan ng pagpapanatili ng mga daang ito ay nailipat na ngayon sa mga pangkat ng pamahalaang pampook (o LGU). Ang mga daang sakahan-papuntang-pamilihan (farm-to-market roads) ay nakabukod sa kategoryang ito, at ang ilan ay pinopondo ng Kagawaran ng Repormang Pansakahan (DAR) at Kagawaran ng Pagsasaka (DA). Bagaman may malaking sistema ng mga daan na naitayo sa bansa, nananatiling kalunos-lunos ang kalagayan ng malaking bahagi ng sistemang ito, at 20 porsyento ng kabuuang sistema ng mga daan ay nailatag (ng aspalto).

Mga lansangan

Lansangang Sayre
Sinasaklaw ng mga lansangan sa bansa ang mga pambansang daan na binukod sa tatlong uri: ang mga pambansang daang primera, pambansang daang sekundarya, at pambansang daang tersiyaryo.

Ang Pan-Philippine Highway (o Daang Maharlika, sa ibang bansa AH26 AH26) ay isang pinag-ugnay na mga daan, tulay, at mga serbisyong pambarko na umaabot sa 3,517 kilometro (2,185 milya) ang haba at kumokonekta sa mga pulo ng Luzon, Samar, Leyte, at Mindanao, na nagsisilbing pangunahing gulugod ng transportasyon sa bansa. Nagsisimula ito sa Laoag, Ilocos Norte at nagtatapos ito sa Lungsod ng Zamboanga, Zamboanga del Sur. Ang Tulay ng San Juanico ang nagdadala nito sa ibabaw ng Kipot ng San Juanico sa pagitan ng mga pulo ng Samar at Leyte.

Sa Kalakhang Maynila, nakaayos ang mga lansangan nito sa isang set ng mga daang radyal (radial roads) at daang palibot (circumferential roads). Ang mga daang radayl ay nagmumula sa pusod ng Lungsod ng Maynila at papuntang mga kalapit na lalawigan, habang ang mga daang palibot nama'y lumilibot sa paligid ng lungsod. Ang set na ito ay tinaguriang Sistema ng mga Daang Arteryal ng Kalakhang Maynila (Metro Manila Arterial Road Network). Ang Bulebar Roxas, na pinakatanyag sa mga lansangan ng Maynila, ay nakalinya sa dalampasigan ng Look ng Maynila. Kasama ang Manila–Cavite Expressway (o CAVITEx), bahagi ito ng Daang Radyal Blg. 1 (R-1) na tumutungo sa lalawigan ng Kabite. Ang Abenida Epifanio de los Santos (EDSA) ay ang pangunahing daang palibot (beltway) sa Kamaynilaan. Isa rin ito sa mga pinakatanyag na lansangan sa Pilipinas. Dumadaan ito sa anim (6) sa mga labimpitong (17) pook sa rehiyon—Caloocan, Lungsod Quezon, San Juan, Mandaluyong, Makati, at Pasay. Ito ang pinakamahabang lansangan sa kalakhan, at

kinakarga nito ang karaniwang bilang na 2.34 milyong sasakyan.[7] Ang Abenida Commonwealth ay isa ring mahalagang lansangan sa kalakhan, nagsisilbi naman ito sa Lungsod Quezon at may haba na 12.4 kilometro (7.7 milya). Isang mahalagang daang radyal sa Maynila ay Bulebar Espanya, na bahagi ng Daang Radyal Blg. 7 (R-7) na kinabibilangan ng Abenida Quezon at Abenida Commonwealth sa Lungsod Quezon at Lansangang Quirino sa Hilagang Kalookan at San Jose del Monte, Bulacan. Ilan pa sa mga mahalagang lansangan sa Kamaynilaan ay Abenida Ayala, Bulebar Aurora, Abenida Taft, Lansangang Sergio Osmeña, at Daang C-5 na nagsisilbing alternatibong daan sa EDSA.[8] Ilan naman sa mga kilalang lansangang panloob ay Kalye Escolta, Kalye Mendiola, Paseo de Roxas, Kalye Balete, Abenida Tomas Morato, at Daang Maysan.

Sa ibang bahagi ng Luzon, ang Lansangang MacArthur ay nag-uugnay ng Kamaynilaan sa Gitna at Hilagang Luzon. Bahagi ito ng N1 (Caloocan-Guiguinto) at N2 (Guiguinto-Laoag) ng sistemang lansangang bayan ng bansa at Daang Radyal Blg. 9 (R-9) ng sistemang arteryal ng mga lansangan sa Kalakhang Maynila. Ang Daang Kennon at Lansangang Aspiras–Palispis ay nagsisilbing mga daang papasok ng Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera (CAR). Isang mahalagang lansangan sa Gitnang Luzon ang Abenida Jose Abad Santos na tinagurian ding Daang Olongapo–Gapan. Ilan sa mga mahalagang lansangan sa Katimugang Luzon ay Lansangang Aguinaldo sa Kabite, Lansangang Jose P. Laurel sa Batangas, at Manila South Road at Daang Calamba–Santa Cruz–Famy (bahagi ng Manila East Road) sa Laguna. Ang Lansangang Andaya (N68) ay nag-uugnay ng lalawigan ng Quezon sa Rehiyon ng Bikol. Matatagpuan sa Lungsod ng Cebu ang Kalye Colon, ang kauna-unahang lansangan sa Pilipinas. Ilan sa mga mahalagang lansangan sa Mindanao ay Lansangang Sayre, Daang Butuan–Cagayan de Oro–Iligan–Tukuran, Daang Coastal ng Surigao–Davao, Daang Davao–Cotabato, at Lansangang Maria Clara L. Lobregat.

Ang Strong Republic Nautical Highway ay nag-uugnay sa karamihan sa mga daan ng mga pulo sa pamamagitan ng isang serye ng mga lantsang roll-on/roll-off (o ro-ro), ang ilan ay maliit at sumasaklaw sa maiksing distansya, habang ang iba nama'y mga malalaking bapor na maaring maglakbay ng ilang oras o higit pa.

Ang transportasyong daambakal sa Pilipinas ay kinabibilangan ng mga serbisyong binibigay ng tatlong linya ng mabilisang panlulan at isang linyang riles pang-mananakay: ang Sistema ng Magaang Riles Panlulan ng Maynila (Linya 1 at Linya 2), ang Linya 3, at ang PNR Metro South Commuter Line ng Pambansang Daambakal ng Pilipinas (PNR).

Ang Sistema ng Magaang Riles Panlulan ng Maynila, o ang sistemang LRTA, ay isang sistemang pang-mabilisang panlulan na naglilingkod sa ligid ng Kalakhang Maynila; ito ang pinakaunang sistemang metro sa Timog-Silangang Asya.[11] Nilingkuran nito ang kabuuang 928,000 pasahero kada araw noong 2012.[12][13] Ang mga 31 estasyon nito sa kahabaan ng higit 31 kilometro (19 milya) ng mga nakaangat na linya ay bumubuo sa dalawang linya: ang unang Linya 1, at ang mas-bagong Linya 2. Dumadaan ang una sa mga lungsod ng Caloocan, Maynila, at

Pasay, samantala dumadaan naman ang ikalawa sa mga lungsod ng Maynila, San Juan, Lungsod Quezon, at Marikina. Maliban sa sistemang LRTA, ang Sistema ng Pangkalakhang Riles Panlulan ng Maynila, o ang sistemang MRTC, ay naglilingkod din sa Kalakhang Maynila. Matatagpuan ito sa kahabaan ng Abenida Epifanio de los Santos (o EDSA). May labintatlong (13) estasyon ito sa kahabaan ng linya nito na may haba na 16.95 kilometro. Ang nag-iisang linya na ito ay dumadaan sa mga lungsod ng Pasay, Makati, Mandaluyong, at Lungsod Quezon. Ilan sa mga estasyon ng sistema ay nilagyan na ng mga eskalador at asensor para sa mas-madaling daan papasok, at dumami na rin ang bilang ng mga mananakay. Pagsapit ng taong 2004, ang Linya 3 ay may pinakamaraming bilang ng mga mananakay sa mga tatlong linyang metro, na may 400,000 pasahero araw-araw.[14]

Ang Pambansang Daambakal ng Pilipinas (sa Ingles, Philippine National Railways o sa daglat nito na PNR) ay nagpapatakbo ng isang linyang komyuter na naglilingkod sa isang rehiyon mula Kalakhang Maynila hanggang Laguna. Ang PNR na isang sistemang daambakal sa Pilipinas na pag-aari ng pamahalaan, ay itinatag noong panahon ng mga Kastila. Dati, nagbibigay ito ng mga serbisyo sa Luzon, at nag-uugnay ng hilaga at katimugang Luzon sa Maynila. Noong 1988 isinara ang linya patungong Hilaga at Gitnang Luzon, at pagsapit ng dekada-2000 itinigil ang mga serbisyo patungong Bikol, subalit may mga panukala para buhayin muli ang katimugang linya patungong Bikol. Ang Daambakal ng Panay (Panay Railways Inc.) ay isang kompanya na nagpapatakbo ng mga linya ng daambakal sa Panay mula huling bahagi ng dekada-1900 hanggang 1989, at Cebu mula 1911 hanggang 1942 (noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig).

Transportasyong pantubig

Ang Pasig River Ferry Service ay isang serbisyo ng lantsang pang-ilog na naglilingkod sa Kalakhang Maynila. Ito rin ang tanging transportasyong pantubig na dumadaan/tumahak sa Ilog Pasig. Ang buong sistema ay may labimpitong (17) estasyon at dalawang linya. Ang unang linya ay ang Linyang Ilog Pasig (Pasig River Line) na dumaan mula Plaza Mexico sa Intramuros hanggang Estasyong Nagpayong sa lungsod ng Pasig. Ang ikalawang linya ay ang Linyang Ilog Marikina (Marikina River Line) na nagsilbi sa mga estasyon sa Ilog Marikina simula sa Estasyong Guadalupe sa Makati hanggang Estasyong Santa Elena sa Marikina.

Mga serbisyo ng barko

MV Trisha Kerstin 2 sa Daungang Pandaigdig ng Zamboanga.

Sapagkat ang Pilipinas ay isang estadong kapuluan, mahalagang anyo ng transportasyon sa bansa ang mga serbisyong pambarko. May mga iba't-ibang uri ng barko na ginagamit, mula sa mga malalaking barkong panlulan hanggang sa mga maliliit na mga pump boat. Ilan sa mga biyahe ay umaabot sa isang araw o higit pa sa mga malalaking barkong pang-magdamag, tulad ng mga barkong pinapatakbo ng 2GO Travel, habang ang ibang biyahe ay umaabot sa loob ng mga ilang minuto sa

mga maliliit na bangkang pinapatakbo ng bomba (pump boat) tulad ng mga bangka na tumatawid sa Kipot ng Iloilo.

May mga maraming kompanyang pambarko sa Pilipinas. Ilan sa mga ito ay ang 2GO Travel at Trans-Asia Shipping Lines.[15]

Mga pantalan at daungan

Daungan ng Heneral Santos, ang pinakatimog na daungan sa Pilipinas.
Ang pinakaabalang daungan sa bansa ay ang Pantalan ng Maynila, lalung-lalo na ang Manila International Cargo Terminal at ang Eva Macapagal Port Terminal, kapwa nasa paligid ng nasabing pantalan. Kabilang sa mga iba pang lungsod na may mga maabalang daungan at pantalan ay ang Bacolod, Batangas, Cagayan de Oro, Cebu, Davao, Butuan, Iligan, Iloilo, Jolo, Legazpi, Lucena, Puerto Princesa, San Fernando, Subic, Zamboanga, Cotabato, Heneral Santos, Allen, Ormoc, Ozamiz, Surigao, at Tagbilaran. Karamihan sa mga himpilang ito ay bumubuo sa Strong Republic Nautical Highway, isang sistemang nautiko na pinatotohanan sa ilalim ni dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo kung saan pwede gumamit ng mga sasakyang panlupa ang mga lantsang ro-ro (roll-on/roll-off) para tumawid sa pagitan ng mga pulo sa bansa.

Transportasyong panghimpapawid
Mga paliparan
Pangunahing lathalain: Tala ng mga paliparan sa Pilipinas

Ang Terminal 3 ng Paliparang Pandaigdig ng Ninoy Aquino

Pasukan ng Paliparan ng Jolo sa Sulu.
Ang mga paliparan ng Maynila, Iloilo, Cebu, Davao, Clark, Subic, Zamboanga at Laoag ay mga pasukang pandaigdig sa Pilipinas.

Ang Paliparang Pandaigdig ng Ninoy Aquino (NAIA) sa Maynila ay ang nangunguna at primerang pasukan ng bansa.[16] Nililingkuran nito ang Kalakhang Maynila at mga rehiyon sa paligid nito. Matatagpuan ito sa hangganan ng mga lungsod ng Parañaque at Pasay. Noong 2012, naging ika-34 ito sa mga pinakaabalang paliparan sa mundo ang NAIA; ang dami ng mga pasahero ay tumaas hanggang sa mga walong porsyento sa kabuuan na 32.1 milyong pasahero. Dahil diyan, isa ang NAIA sa mga pinaka-maabalang paliparan sa Asya.[17]

Ang Paliparang Pandaigdig ng Clark ay isa pang pangunahing pasukan sa bansa, ito ang magiging pandaigdigang pasukan para sa Kalakhang Maynila sa hinaharap at ipinaplano na papalitan nito ang Paliparang Pandaigdig ng Ninoy Aquino.[18] Sa pangkaramihan, pinaglilingkuran ng paliparan ang mga mababang presyong

tagapaglipad sa himpapawid na nakikinabang sa mga mas-mababang singgil sa paglapag kompara sa mga sinisingil sa NAIA.

## Edukasyon

Edukasyon, sinasaklaw nito ang estado ng pag-aaral ng mga mag-aaral at kalidad ng pagtuturo ng mga guro sa isang bansa. Ito ang tumutulong sa isang bansa upang maging progresibo at maunlad. Ngunit kay raming problemang panlipunan ang kinakaharap ng ating bansa at isa na nga rito ang Edukasyon.

Sa panahon ngayon, kay rami nang kabataan ang hindi nakakapagtapos ng pag-aaral at ang pangunahing dahilan nito ay kahirapan na isa pang malaking problemang kinakaharap ng bansang Pilipinas. Ang pagkakaroon ng korupt na gobyerno ay isang dahilan kung bakit naghihirapang ang ating bansa. Isa pang dahilan kung bakit may mga kabataang hindi nakakapagtapos dahil nagiging rebelde ito. Maraming nakaka-impluwensiyasa mga kabataan ngayon. Mga problemang pampamilya, pampinansiyal, at ang iba’y napapabarkada.

Ang institusyon ng edukasyon, tulad ng iba pang organo ng kultura ay nagsisilbi sa pagmintina ng kasalukuyang kaayusan ng anumang lipunan. Ang silbi nito ay pagtuturo sa mga susunod na henerasyon ng mga kasanayan at kaalaman, mga paniniwala at pagpapahalaga (values), maging pandaigdigang pananaw na siyang susuhay sa pampulitikang kaayusan. Malinaw na repleksyon lamang ng katangian panlipunang kanyang ginagalawan ang umiiral na sistema ng edukasyon at hindi ito maaaring umiral ng hiwalay dito.

Ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay sa ganitong balangkas din umiiral. Noon at ngayon ang mga patakaran at programa sa edukasyon ay nagtitiyakna ang edukasyon sa Pilipinas ay magsisilbing prinsipal na instrumento sa pagpapanatili ng dayuhang paghahari sa bansa at hindi nakatuon sa mga batayang pangangailangan ng lipunang Pilipino. Tandaan natin na tatlong daang taon tayong nasa kumbento (Spanish Colonial Rule) at 50 taon sa Hollywood (American Colonial Rule) at maging sa ngayon ay nasa ilalim pa rin ng paghahari ng Imperyalistang Estados Unidos (EU). Huwad ang ating kalayaan at tayo pa rin ay isang bagong-tipong kolonya; nakatali sa pamamagitan ng mga polisiya at programang pumapabor sa EU na pinapatupad ng naghaharing uri. Ang neo-kolonyal at mala-pyudal na katangian ng lipunang Pilipino ang siyang pinanatili ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Nagagawang ipatanggap sa mamamayang Pilipino ang pananatiling atrasado, non-industriyal ng ekonomiya habang may maliit na seksyon ng elitista ang nakikinabang sa kutsabahan sa Imperyalistang EU na ang kahulugan at pagdarambong sa likas na yaman ng bansa kasabay ng pagiging palengke nito at pinagkukunan ng murang lakas paggawa. Ang ganitong sistema ng edukasyon ang siyang sumisira sa buhay at kinabukasan ng kabataan at mamamayang Pilipino. Hindi mapakinabangan ang lakas at talino ng mamamayan sa ganitong kairalan.

Kaya't sinasabi nating may krisis ang sistema ng edukasyon at ito'y lalo lamang lumalim at tumitindi sa pagdaan ng panahon. Ang Krisis ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas Bilang Komersyalisado Kahit saan ka mag-aral, pribado man o sa mga pampublikong pamantasan, napakamahal na kalakal ang edukasyon. Sa madaling salita, ang edukasyon sa Pilipinas ay para lamang sa may kakayahang magbayad: isang komoditi (commodity). Kumakalam ang sikmura ng pamilyang Pilipino sa pagtitipid, mapag-aral lang ang anak. Batay sa 2002 UN Human Development Indicators, napakataas ng ating literacy rate (tantos ng marunong bumasa at sumulat): 95.3% at umaabot 82% ang pinagsamang enrollment ratio mula primary hanggang tertiary. Sa kabila ng mga datos na ito nananatiling mababa ang kalidad ng edukasyon sa kabuuan. Nanatiling napakaliit ng ginagastos ng gobyerno sa edukasyon, halos P 20/day lamang estudyante kumpara sa iba pang bansa sa Asya. Ayon sa National Statistics Office (NSO SY2003-2004) ang bawat pamilyang Pilipino ay gumagastos ng P6,844/estudyante sa buwan pa lamang ng May-June kung saan ay panahon lamang ng pagbubukas ng klase. Tinatayang ang pamilyang Pilipino sa buong bansa ay gumagastos ng P76.1B para sa edukasyon kung saan ang 2/3 nito na 53.4B ay napupunta lamang sa pambayad ng nagtataasang tuition fee. Malayo na sa pagiging batayang karapatan ng lahat ng kabataang Pilipino ang tinungo ng edukasyon.

Nag dudumilat ang mga kasalukuyang datos at statistics na nagpapakita ng mulat na pagsisikap ng estado na iabandona ang responsibilidad nito sa edukasyon. Mula ng maisabatas ang Education Act of 1982 ay walang prenong magsi-pagtaas ng matrikula ang mga kapitalistang edukador. Sa nakalipas na pitong taon (1997-2003) ay pumapatak sa 14% ang TFI sa karaniwan para sa mga pribadong paaralan. Sa mga SCU's at public schools naman ay patuloy ang budget cut sa subsidyong dapat sanang binibigay ng gobyerno bilang suporta sa kanila. Ang budget cut/taon ay pumapatak sa 10-30%. Sa hanay ng elementarya ay mas malaking bilang ang pampublikong paaralan kung saan matatagpuan ang 93% ng kabuuang nag-aaral sa elementarya. Pagpasok ng sekundaryo at tersaryong paaralan ay nadodominahan na ng pribado. 85% ng mga Higher Education Institution (HEI) ay pag-aari ng mga pribadong indibidwal at 33% naman ang sa sekundarya. Mahigit 78% ng mag-aaral sa sekundarya ang nagsisiksikan sa pampublikong paaralan.

Ang pagpapabaya ng pamahalaan sa edukasyon ay nagbibigay naman ng malaking ganansya para sa mga kapitalista bilang pamalagiang source ng dambuhalang kita. Sa katunayan, ang big 8 sa UNIVERSITY BELT ay palagiang nasa listahan ng top 1,000 corporations sa bansa. Samantala, ang mga magulang at mag-aaral ang pumapasan ng bigat sa taun-taong pagtataas ng matrikula at iba pang bayarin. Sa patuloy na pagtindi ng komersyalisasyon sa edukasyon, lalong magiging inaccessible ito sa mayorya ng marginalized sectors. Taun-taon rin, dumarami ang mga estudyanteng nagsisipaglaglagan sa mga paaralan dahil sa kawalang kakayahan na abutin ang halaga ng edukasyong kolonyal.

Mahalaga ang papel ng edukasyon sa pag-unlad ng bansa at sa paghubog nito ng pambansang kamalayan. Matingkad ang neo-kolonyal na oryentasyon ng edukasyon sa dalawang aspeto: sa kanyang prayoridad na kurso at kasanayan (skills) at sa

paraan ng paghubog nito ng kamalayan (‘consciousness formation’). Mula sa Education Act of 1982 ni Marcos, Education 2000 ni Ramos, Ten Point Agenda ng Philippine Commission on Education Reform (PCER) ni Estrada hanggang ngayon ay walang ibang kahulugan kundi ang patuloy na pagiging sunud-sunuran ng edukasyon sa mga imposisyon ng IMF-WB policies. Sentrong usapin sa pagpapatupad ng mga programang ito ang pagpupuspos ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon sa buong balangkas ng pagpapatupad ng iskemang globalisasyon para maampatan ang lumalalang krisis ng imperyalismo. Sa ilalim ng banderang ‘global competitiveness’, bibigyang prayoridad ang English, Math at Science. Ang ideya ng global competitiveness ay ang maramihang export ng cheap, docile at English-speaking labor force. Para tiyakin ito, mag-iimport tayo ng mga dayuhang guro para sa English, Math at Science – Peace Corps Volunteers the second coming of the Thomasites).

Hindi nilalayon ng pokus sa Science, Math at Computer Education ang pagkakaroon ng maraming Pilipinong Scientists na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng ekonomya ng bansa. Hindi nito layuning gawing accessible ang mga makabagong impormasyon at teknolohiya sa masang mag-aaral o kaya’y paunlarin ang istandard ng edukasyon. Ang pokus sa syensya ay sapat lamang upang matutunan ang pag-oopereyt ng mga makinarya at teknolohiya ng mga MNC’s; ang lumikha ng computer literate na lakas-paggawa at magsanay ng ilang potensyal sa larangang ito para pa rin sa kahingian ng mga dayuhang korporasyon. Ang values formation sa pamamagitan ng WB-IMF sponsored/funded textbooks ay nagpapatingkad ng kaisipang kolonyal at pagiging maamo at masunurin (subservience). Pinalalalim ang mga kaisipan, gawi at aktitud na susuhay at magbibigay-katwiran sa mapagsamantala at mapang-aping kairalan.

## Tungo sa Alternatibong Edukasyon

Ang paghahangad para sa isang alternatibong sistemang pang-edukasyon ay nagsimula mas maaga pa sa dekada sisenta. Pinatunayan na ng mga pag-aaral na ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay hindi umaangkop sa kalagayan ng bansa sa halip ay nagbibigay katwiran lamang sa kasalukuyang kaayusan neo-kolonyal at mala-pyudal.

Ang paghahangad para sa pagkakaroon ng alternatibong edukasyon kung gayon ay pagsasabuhay ng pangarap ng buong sambayanan na kamtin ang katarungan, kalayaan at tunay na demokrasya. Ang edukasyon ay kongkretong sandata upang kamtin ang pambansang hangarin.

## MAKABAYANG EDUKASYON

Ang edukasyon ay nararapat na may matibay na komitment at pagkatig sa interes ng buong sambayanang Pilipino bilang isang bansa at mamamayan nito. Ito ay nangangahulugan ng pangingibabaw ng interes ng mas nakararaming mamamayan at interes ng bansa kung kaya tinututulan at nilalabanan nito ang anumang porma ng dayuhang pakikialam at pagdikta sa buhay ekonomiya, pulitika at kultura na mamamayan.

PANGMASANG EDUKASYON Ito ay edukasyong tumatangkilik sa mayorya ng mamamayang Pilipino sapagkat ito ay tumutugon batay sa aktwal na pangangailangan ng masa at kung gayon ang anupamang kaalaman na tinataglay ng bawat isa ay tiyak na magsisilbi para sa kapakinabangan ng buong bansa.